

## Frequently Asked Questions

### Mga katanungang madalas itanong

#### **1. Kailan ko matatangap ang aking mga entitlements?**

Ang mga receiver ay kasalukuyang pinoproseso ang pagkolekta ng mga utang ng mga kliente sa kumpanya. Susulat muli sa inyo ang receiver sa araw ng o bago ang ika-23 ng Pebrero upang magbigay ng tantsya ng halaga at iskedyul ng anumang mapapamahagi ng entitlements.

#### **2. Paano ikakalkula ang aking oras para sa hindi nabayarang sahod para sa linggong nagtapos sa ika-17 at 24 ng Disyembre 2023?**

Lahat ng “confirmed hours” ay kasama sa mga nakalkulang oras. Ang mga “confirmed hours” ay ang mga oras na natanggap ng receiver mula sa inaprubahang timesheet mula sa iyong worksite (nilagdaan o inaprubahan ng site supervisor o site manager o iba pang kinatawan ng site). Naisama na ang lahat ng “confirmed hours” para sa linggong nagtapos noong ika-17 ng Disyembre 2023, pati na rin ang anumang “confirmed hours” para sa linggong nagtapos noong ika-24 Disyembre 2023, hanggang bago nagsimulang ilagay ang kumpanya sa receivership (9AM noong ika-20 Disyembre 2023).

Sa buod, isang buong linggo at dalawang araw.

#### **3. May nawawalang ilang oras na tinrabaho ko para sa linggo na nagtapos noong ika-17 o 24 ng Disyembre 2023, ano ang dapat kong gawin?**

Siguraduhin na ang mga oras mo ay NAAPRUBAHAN ng kinatawan ng site na iyong pinagtrabahuan. Kung walang pirmedong o naaprubahang timesheet, hindi maipuproseso ng receiver ang timesheet. Nakipag-ugnayan na ang kumpanya sa mga kliyente upang i-follow-up ang anumang mga nakabinbing timesheet, kung saan hindi kasama ang iyong mga oras. Hindi pa nakatanggap ng kumpirmasyon ang kumpanya mula sa mga kliyente upang patunayan ang mga oras na iyong tinrabaho. Ito ay isang kondisyon ng pagtrabaho sa ELE noon pa man.

#### **4. Nasa minimum na kontrata na 30 oras ako, bakit hindi ako binigyan ng entitlement para sa 30 oras para sa linggo na nagtapos noong ika-24 ng Disyembre?**

Ang garantisadong 30 oras ay para sa isang buong linggo o katumbas ng 6 oras bawat araw sa loob ng 5 araw. Dahil ang linggo na nagtapos noong ika-24 ng Disyembre 2024 ay naglalaman lamang ng dalawang araw ng trabaho (ika-18 at 19 ng Disyembre 2024), ang iyong garantisadong mga oras ay hindi lalagpas sa 12 oras para sa linggong ito.

**5. May mga sick leave ako at may lugar ito sa form, pero bakit hindi isinama ang aking sick leave bilang entitlement?**

Walang legal na entitlement para sa hindi nagamit na sick leave na babayaran sa huling sahod.

**6. Maaari ko bang palitan ang aking oras upang maging Sick Leave?**

Hindi mo maaring palitan ang iyong mga oras upang maging anumang uri ng sick leave pagkatapos ng kaganapan. Ang iyong mga leave request na isinumite hanggang ika-20 ng Disyembre 2023 ang magiging batayan ng iyong entitlement.

**7. Maaari ba akong mag-apply ng leave?**

Hindi ka na maaaring mag-apply ng anumang uri ng leave ngayon. Ang mga leave request mo na isinumite hanggang ika-20 ng Disyembre 2023 ang magiging batayan ng iyong entitlement.

**8. Bakit may mga bahagi sa buod na walang mga numero?**

Kung mayroong bahagi na blangko sa buod, ito ay nangangahulugang hindi ka kwalipikado para sa item na ito, o hindi pa kami nakatanggap ng mga aprubadong detalye para sa item na ito.

**9. Ano ang mga allowances at mayroon ba akong entitlement para dito?**

Kung mayroon pinagkasunduang mga allowances sa iyong trabaho, halimbawa ang mga overnight shifts o meal allowance, o kung mayroong natanggap ang receiver na naaprubahang petrol/parking allowance mula sa iyong site supervisor, ito ay magiging bahagi ng pagkalkula ng iyong entitlement. Kung wala ang pirmedong papel o opisyal na pagsang-ayon mula sa site manager ng lugar kung saan ka nagtrabaho, hindi maisasama ng kumpanya ang mga ito sa pagkalkula ng iyong entitlement.

**10. Inasahan ko na mababayaran ako ng allowance para sa linggong nagtapos noong ika-24 ng Disyembre, bakit hindi ito isinama?**

Kung ang iyong claim ay nauugnay sa Lunes ng ika-18 at/o Martes ng ika-19, mangyaring magpadala ng inaprubahan na resibo o detalye ng iyong claim sa payroll@ele.nz para maproseso. Tandaan na ito ay dapat naaprubahan ng kinatawan ng site na karaniwang nag-aapruba ng iyong mga timesheet.

**11. Nagbook ako ng leave para sa panahon ng Christmas/New year, paano ito makikita sa aking entitlement para sa annual leave final pay?**

Ang mga entitlement para sa leave ay nakalkula hanggang ika-20 ng Disyembre 2024. Walang bawas na ginawa para sa leave na inaapply mo pagkatapos ng panahong ito.

**12. Paano nai-kalkula ang aking Annual Leave (Entitled) - final entitlement figure?**

Kung mahigit sa 12 na buwan ka nang nagtatrabaho sa ELE, mayroon kang nakabilang na "Annual Leave Entitled" (sa bilang ng linggo) na tumutukoy sa lahat ng Annual Leave na iyong naipon bago sa iyong kakalipas lang na anniversary date. Ibabawas dito ang kahit anong annual leave na iyong kinuha hanggang sa ika-20 ng Disyembre 2023. Kung wala ka pang 12 na buwan sa pagtatrabaho sa ELE, ang anumang entitlement para sa annual leave ay makikita sa seksyon ng "Holiday Pay".

**13. Paano nai-kalkula ang aking Holiday pay - final pay figure?**

Ang iyong Holiday pay ay 8% ng iyong kabuuang kita o Gross Earning simula sa iyong huling anibersaryo (kung ikaw ay nasa iyong unang taon ng employment at ikaw ay kumuha na ng leave, ibabawas ang leave na iyon sa nalalabing balance) + 8% ng natitirang kita na maaari mong matanggap sa iyong nakalkulang final entitlement, kasama ang iyong mga oras na tinrabaho, bayad sa mga public holidays, annual leave (entitled) at anu pa mang alternative pay.

**14. Para saan ang alternative leave at paano ito nai-kalkula?**

Kung nagtrabaho ka sa araw na public holiday, nabayaran ka para rito, subalit may karapatan ka rin na magkaroon karagdagang paid leave para sa ibang araw. Ito ay tinatawag na alternative leave at kung hindi mo pa ito nagamit, kasama ito sa kalkulasyon ng iyong entitlements. Ang pagtrabaho sa araw ng mga public holidays ay hindi gaanong karaniwang pangyayari para sa mga empleyado ng ELE.

**15. Para saan ang "Public Holiday - Final Entitlement" at paano ito nai-kalkula?**

Kung nagtrabaho ka sa ELE na mahigit sa 12 na buwan at mayroon kang "Annual Leave Entitlement", kailangan ng kumpanya na igalang ang iyong entitled na annual leave para sa gayon ay ituring na nagamit mo ito kaagad matapos ng ika-20 ng Disyembre 2023. Kung mayroong mga public holidays na nasakop sa panahong ito, mayroon ka ng entitlement para sa mga public holidays na iyon sa iyong final pay.

**16. Bakit hindi kasama sa aking termination entitlement calculation ang entitlement ko para sa redundancy?**

Ang mga kasunduang nilalaman ng iyong kontrata o employment agreement sa kumpanya ay hindi nagbibigay ng anumang klase ng redundancy payment. Ito ay ang pangkaraniwan o standard na kontrata ng ELE, maliban sa mga nakabuod sa ibaba (#17) para sa Overseas Workers.

**17. Para saan ang halaga ng return air fare at paano ito nai-kalkula?**

Kung ikaw ay isang overseas migrant worker, nakasaad sa iyong kontrata na ikaw ay may karapatang makatanggap ng redundancy compensation sa pamamagitan ng isang one-way economy class ticket patungo sa iyong bansang inuwiyan o home country (Manila) base sa pinakamurang tiket na binebenta sa panahon ng pagkalkula. Dahil hindi namin alam ang mga plano mo sa hinaharap, kinikilala naming mas praktikal na i-kalkula ang katumbas na cash amount nito sa iyong entitlements. Ikinumpara naming ang mga presyo ng tiket sa iba't ibang website at ang pinakamurang tiket patungo sa Manila ang ginagamit na halaga.

**18. Bakit mayroong binawas sa aking claim?**

Kung mayroon kang anumang nakabinbin na deduction (tulad ng tool recovery/loan, renta o hindi nabayaranang historical na renta o cash advance na babayaran), ang mungkahi ng kumpanya ay ikaltas ang mga ito sa nalalabing balanse sa iyong final entitlement.

**19. Ang aking entitlement ay higit sa \$25,480, bakit \$25,480 lang ang kasama sa aking preferential claim?**

Hanggang sa halagang \$25,480 lamang ang maititrato bilang preferential. Anumang balanse na hihigit sa halagang ito ay ititrato bilang unsecured claim.

**20. Ano ang ibig-sabihin ng unsecured claim at ano ang mangyayari dito pagdating sa pamamahagi sa akin nito?**

Ang parte ng entitlement na ito ay walang preferential status, at hindi ito magiging parte ng distribusyon ng pondo na maaring gawin ng mga receiver.

**21. Ano ang Preferential claim excess na nakasaad sa kalkulasyon ng aking unsecured claim?**

Nakasaad sa batas na anupamang halaga na hihigit sa \$25,480 ay kabilang sa unsecured claims.

**22. Ano ang “entitlement in lieu of notice” at paano ito ikinalkula and bakit hindi ito kasama sa preferential claim?**

Ang pangkaraniwang kontrata o employment agreement ng ELE ay hindi naglalaman ng partikular na redundancy compensation. Datapwat, nasakasaad sa iilang kontrata na kasama ang notice period. Kung mayroon kang notice period sa iyong kontrata, kasama sa iyong entitlement ang notice period na ito. Ang entitlement na ito ay nagsisilbing kapalit ng pagtrabaho sa panahon ng notice period. Bilang nahinto ang iyong pagiging empleyado dahil sa receivership mula ika-20 Disyembre 2023, hindi ka nagkaroon ng oportunidad na magtrabaho sa panahon ng iyong notice period. Ang mga entitlement in lieu o kapalit ng notice ay walang preferential status dahil ito ay nabibilang sa iyong unsecured claim.

**23. Bakit nakahati ang aking entitlement sa Preferential at Unsecured claims?**

Ayon sa batas, ang preferential na parte ng iyong entitlement ay kinabibilangan ng sahod para sa oras na tinrabaho, nalalabing holiday pay, ano mang redudunancy entitlement (nakadepende sa iyong indibidwal na kontrata) at nagbibigay ng hanggang \$25,480 na halaga ng entitlements. Anupamang halagang hihigit dito, kasama na ang notice period, ay nabibilang sa unsecured claim.

**24. Kakakaltasan ba ng tax ang mga maipapamahaging entitlement sa akin?**

Oo. Tax, child support, mga multa, at Kiwisaver (mga karaniwang kaltas) ay ikakaltas mula sa kahit ano’ng maipapamahaging entitlement sa’yo. Ang iyong entitlement claim ay para sa tatal na halaga (bago ang tax at mga iba pang kaltas).

**25. What are the next steps?**

Maaring suriin ninyo kung tama ang kalkulasyon. Kung tama ito, lagdaan ang Appendix B at ipadala sa [nzelegroup@deloitte.co.nz](mailto:nzelegroup@deloitte.co.nz) bago o sa ika-9 Pebero 2024. Kung mayroong pagkakamali sa listahan, makipag-ugnayan sa amin gamit ang email na [nzelegroup@deloitte.co.nz](mailto:nzelegroup@deloitte.co.nz). Kapag tama na ang nakasaad sa iyong listahan ng entitlements, lagdaan ito at i-email sa receivers. Susulatan kayo muli ng receiver sa ika-23 Pebero upang magbigay ng tantiyang petsa ng kahit anong pamamahagi ng bayad.